



دار زايد للثقافة الإسلامية  
Zayed House For Islamic Culture

# Ang Pagkakaunawaan at Pagkakaisa sa Lipunan



zhic.uae @zhic\_uae zhic\_uae zhic

800 555



اتصل على  
JUST CALL

P.O Box: 16090, Al Ain, U.A.E  
www.zhic.uae contact@abudhabi.ae

Sa kasalukuyan, ang paghahalaga sa pagkakaunawaan sa lipunan ay lumalaganap, lalung-lalo na sa mga pamayanang binubuo ng iba't-ibang lahi at kultura. Ito ay upang mapahusay ang pagkakaisa at patibayin ang ugnayan sa pagitan ng mga mamamayan, nang sa gayon ay mapangalagaan ang lipunan laban sa anumang uri ng di-pagkakasundo at alitan, hangad ang kaunlaran at masaganang buhay sa hinaharap. Ayon sa mga sociologists, ang pagkakaunawaan at pagkakaisa sa lipunan ay magkatuwang. Sinabi ni Ibn Khaldun na ang pagkakaisa sa lipunan ay hindi lamang limitado sa ugnayan ng iba't-ibang kultura, bagkus ito ay kanya ring iniugnay sa mga kasunduan ng mga indibidwal sa lipunan na siyang nagpapalakas sa samahan sa pagitan nila. Samakatuwid, ang pagkakaunawaan at pagtanggap sa pagkakaiba-iba ay pangunahing sangkap ng pagkakaisa sa lipunan. Isang malaking halimbawa maging sa kasalukuyan ay ang sibilisasyong-Islamiko ng Andalus(kasalukuyang Espanya), na kung saan ang lahat ng iba't-ibang kultura, relihiyon at lahi ay namuhay nang magkakasama. Habang lumalaganap ang pag-uunawaan, pagpapahalaga, pagtanggap at pakikipag-usap sa kapwa sa pagitan ng mga mamamayan sa lipunan, lalong tumitibay ang pagkakaisa hanggang sa ito ay maging normal nang gawain na kusang itinataguyod ng mga tao. Ang pagkakaisa sa lipunan ay panlipunang gawain na binubuo ng 3 sangkap: lipunan, mamamayan at pamahalaan. Upang makamantan ang tunay na pagkakaisa, kinakailangang isabuhay ng mga mamamayan ang mabubuting-asal at positibong pakikipag-ugnayan sa kapwa. Habang ang lipunan naman sa pangakalahatan, ay kailangang magsumikap na maipalaganap ang tunay na samahan nang walang diskriminasyon. Gayunding pasan ng pamahalaan ang pinakamabigat na obligasyon, sapagkat siya ang magpapatupad sa mga alituntuning gagarantiya sa karapatang pantao at kalayaan ng mga mamamayan (ulat mula sa European Report on Social Cohesion).

Sa magkatulad na pamamaraang nabanggit sa ulat, ang bansang UAE ay nagpapatupad ng praktikal, mahusay at nangungunang halimbawa ng pagkakaisa, kapayapaan, pagmamahalan, pagkakaunawaan, bukas na kaisipan at sama-samang pamumuhay ng iba't-ibang sector sa lipunan. Lahat ng ito ay bunga ng pagsisikap at pamumunong may katalinuhan na

siyang ipinamana ng yumaong si Sheikh Zayed, at tunay na ito ay nararamdaman ng mga mamamayan ng bansa. Ito ang pagkakaunawaang makatao na hangad ang pagkakaisa tungo sa maunlad at masaganang kinabukasan.